Zebbiana

Skusta Clee

Kapag naaalala ko ang mga araw na magkasama tayong dalawa
Ngiti at luha sa aking mga mata ganun na pala tayo dati kasaya
Yung tipong kapag tayo'y nagkatitigan, magngingitian para bang nahihibang
Mag-iingay kahit sobrang tahimik ng kapaligiran
Kahit may nagrereklamo na'y wala tayong pakielam

Panahong nandun ka pa laging pumupunta
'Di inaasahan may sorpresa ka laging dala
Ang saya saya ayoko lang pahalata
Kase okay na naman ako basta makasama ka

Kaso lang wala na pero alam ko na masaya ka na
Sa mundo ko wala nang makakagawa
Makakatumbas ng 'yong napadama

Kaya salamat sa pag-ibig mo, pag-ibig mo
Lagi kang nasa puso't isip ko, isip ko
At inaamin kong namimiss kita, na namimiss kita
Sa'kin ikaw pa rin ang baby ko, ang baby ko
Kahit wala ka na sa piling ko, sa piling ko
Pangakong ipagdarasal pa rin kita, ipagdarasal pa rin kita

Kase di ko na matiis love
Dahan-dahan kitang name-miss love
Ilang beses man nilang aliwin ikaw at ikaw pa rin ang gusto kong kini-kiss love
'Di pumapayag na di kita kasama
Kung makayakap daig pa mag-asawa
Naka-alalay sa ano mang bagay
Mawala man ako sa sarili laging nandyan ka
At kung mababalik ko lang aayusin ko lahat sa loob ng pitong buwan
Maghihilom ang lahat sa puso mo na duguan
Balang araw kaso biglang umulan (yeah)

Dahil nga wala ka na pero alam ko na masaya ka na
Sa mundo ko wala nang makagagawa
Makakatumbas sa 'yong napadama (ohh)
Alam ko namang kasalanan ko oh sinayang ko
Malabo nang pagbigyan mo, malabo nang pagbuksan mo
Kahit ano pang paghirapan ko, pano kung ayaw mo
Anong magagawa ko, anong magagawa ko

Kaya salamat sa pag-ibig mo, ibig mo
Lagi kang nasa puso't isip ko, isip ko
At inaamin kong namimiss kita, na namimiss kita
Sa'kin ikaw pa rin ang baby ko, ang baby ko
Kahit wala ka na sa piling ko, sa piling ko
Pangakong ipagdarasal pa rin kita, ipagdarasal pa rin

Kaya salamat sa pag-ibig mo, pag-ibig mo
Lagi kang nasa puso't isip ko, isip ko
At inaamin kong namimiss kita, na namimiss kita
Sa'kin ikaw pa rin ang baby ko, ang baby ko
Kahit wala ka na sa piling ko, sa piling ko
Pangakong ipagdarasal pa rin kita, ipagdarasal pa rin kita

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!